Advisory No. 142, s. 2019
September 4, 2019
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

SURI, SALIKSIK, SANAY 3: PAMBANSANG KUMPERENSIYA AT SEMINAR-WORKSYAP 2019 NG PAMBANSANG SAMAHAN SA LINGGWISTIKA AT LITERATURANG FILIPINO

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng Suri, Saliksik, Sanay 3: Pambansang Kumperensiya at Seminar-Worksyap 2019 na may temang, Kulturang Popular, Pagsasalin, at Mga Inobasyon sa Pedagohiya ng Filipino at Panitikan na idaraos mula Oktubre 23 hanggang Oktubre 26, 2019 sa Scholastica's College, Manila (*Day 1*); at Citystate Tower Hotel, Ermita, Manila (*Day 2-4*).

Ang mga layunin ng aktibidad ay:

1. maitaas ang antas ng kaalaman ng mga guro hinggil sa adyenda sa pananaliksik sa larangan ng kulturang popular, pagsasalin at pedagohiya ng Filipino at Panitikan;
2. maitaas ang antas ng kaalaman, kamalayan, at kasanayan ng mga guro hinggil sa kulturang popular bilang materyal na panturo;
3. maitaas ang antas ng kaalaman, kamalayan, at kasanayan ng mga guro hinggil sa mga metodo sa pananaliksik sa kulturang popular;
4. maitaas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa mga pagsasaling panitikan;
5. maitaas ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsasaling teknikal;
6. maunawaan at maisapraktika ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mga interdisiplinaring asignatura; at
7. maunawaan at maisapraktika ang mga inobasyon sa dulog, estratehiya, at teknik sa pagtuturo ng Filipino at Panitikan.

Ang mga iniimbitahan ay ang mga guro, mananaliksik at iskolar ng wikang Filipino.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag kay:

Jonathan V. Geronimo
Ko-Direktor, Pambansang Kumperensiya at Seminar-Worksyap 2019
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino Ink.
s/p De La Salle University
Taft Avenue, Maynila
Mobile: 0927-923-5968
Email: jgeronimo.ust@gmail.com; psllf.org@gmail.com